"ALALAHANIN ANG MGA KABABALAGHAN NA GINAWA NG PANGINOON"

(Awit 105:5)

Liham Pastoral sa Paggunita ng Ika-40 Anibersaryo ng EDSA People Power

Mga Minamahal naming Kapatid,

Sumainyo ang biyaya at kapayapaan mula sa ating Panginoong Hesukristo!

"Alalahanin ang mga kababalaghan na ginawa ng Panginoon," paalala ng Salmista sa mga Israelita habang hinaharap nila ang sunod-sunod na pagsubok sa kanilang paglalakbay patungo sa lupang ipinangako ng Diyos.

Apatnapung taon matapos nating mapatalsik ang isang diktadurya na nagtangkang magpatuloy sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pandaraya sa halalan, muli nating maririnig ngayon ang paalala ng Salmo—na alalahanin ang mga kababalaghan ng Panginoon—habang hinaharap din natin ang mga hamon ng kasalukuyan.

Noong 1986, matapos ang mga taon ng pagtitiis, sabay-sabay tayong sumigaw: "Tama na! Sobra na! Palitan na!" Mula Pebrero 22 hanggang 25, 1986, nasaksihan natin kung paano buong tapang at mapayapang ipinahayag ng mga Pilipino ang kanilang galit at pagkadismaya sa lansangan. Ang mahabang kahabaan ng EDSA ay naging isang malawak na bukás na katedral ng pananampalataya at mapayapang pagtutol. Milyun-milyong Pilipino mula sa iba't ibang panig ng bansa ang nagtipon sa ilalim ng mapagkalingang kamay ng Mahal na Birheng Maria at ng kanyang Anak na si Hesus. Hawak ang rosaryo at taimtim na nagdarasal, nag-aalay ng mga Misa at umaawit ng mga himno—tayong bayan ay nagkatabi-tabi, humarap sa mga tangke at sundalo na ang sandata lamang ay matatag na pananampalataya.

Bumagsak ang diktadurya hindi sa pamamagitan ng karahasan kundi sa tahimik na pagtitiyaga at sa kapangyarihan ng debosyon at sama-samang pananampalataya na humihingi ng katarungan at tunay na pagbabago.

Ang pambihirang pangyayaring ito ay hindi aksidente at hindi lamang bunga ng lakas ng tao. Ito ay patunay ng kalinga at paglingap ng Diyos sa Kanyang bayan na sa Kanya dumulog sa gitna ng kadiliman. Ang pananampalataya at pag-ibig sa bayan ang nagbuklod sa atin. Sinagot ng Diyos ang ating mga panalangin. Nangyari ang "Himala ng EDSA: People Power."

Ngayon, kasama ng lahat ng Pilipinong nagmamahal sa kapayapaan, ginugunita natin ang ika-40 anibersaryo ng People Power. Tayo'y nagpapasalamat sa biyayang naging dahilan nito. Sa paggunita natin, kami, ang Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP), ay humihiling sa inyo na isabuhay ang tatlong banal na tungkulin: ang umalala, magsisi, at tumugon—upang muli nating tanggapin ang diwa ng himalang iyon at maihatid tayo sa mas mabuting kinabukasan.

Ang Umalala

Ang una nating tungkulin ay ang umalala. Alalahanin natin ang mga bayaning walang pangalan—ang tunay na puso ng People Power: ang inang humarang sa sundalo upang protektahan siya, ang matatandang nasa wheelchair na nagdarasal ng rosaryo sa gitna ng ugong ng mga makina, at ang mga kabataang nagkabit-bisig upang bumuo ng barikada ng tao. Ipinakita nila ang tunay na kapangyarihan ng pananampalataya na kayang baguhin ang lipunan nang walang pagdanak ng dugo. Ang kanilang patotoo ay bumiyak sa baluti ng pang-aapi. Napatunayang higit na makapangyarihan ang panalangin kaysa mga tangke. Nanaig ang pananampalataya laban sa takot.

Ang apoy ng EDSA na sinindihan apatnapung taon na ang nakalipas ay tungkulin nating panatilihing nag-aalab. Nawa'y manahan muli sa ating mga puso ang tapang at muling sindihan ng pananampalataya ang ating sigasig na isulong ang kabutihang panlahat, hindi lamang para sa ating sarili kundi para sa susunod na mga salinlahi. Isalaysay natin muli ang kuwento ng EDSA.

Ang Magsisi

Inaamin nating nasayang natin ang handog ng EDSA—ang bukang-liwayway ng bagong kalayaan. Nasanay tayo rito at nakalimutan na ang kalayaan ay parehong gawain at pananagutan. Ipinagwalang-bahala natin ang pagkakataong magsimula muli.

Tulad ng mga Israelita matapos makalaya sa Ehipto, nakalimutan natin ang katapatan at kabutihan ng Diyos. Bumalik tayo sa dati nating mga gawi—mga ugaling nagbibigay sa atin ng pansariling ginhawa ngunit walang malasakit sa mga kapatid nating naghihirap. Nabigo tayong akuin nang buo ang pananagutan sa pagtatayo ng bayan. Nanatiling sugatan ang ating bansa. Sa ating pagiging kampante at pakikipagsabwatan sa lantad na katiwalian at sa nakapanghihilakbot na kultura ng kawalang-pananagutan (culture of impunity) ipinagkanulo natin hindi lamang ang ating sarili kundi maging ang ating Diyos.

Nakaharap sa atin ang katotohanan ng pagtataksil na ito: patuloy na kahirapan, nakaugat na korapsyon, pagkawasak ng tiwala, at kakulangan sa pag-unlad. "Lahat ay nagkasala at nagkulang sa kaluwalhatian ng Diyos," paalala ng Banal na Kasulatan, at ang pagiging matuwid ay dumarating sa pamamagitan ng mapagpakumbabang pananampalataya, hindi sa sariling pagmamatuwid.

Ang pagsisisi ay nangangahulugang harapin natin ang ating mga kasalanan—ang ating pakikibahagi sa mga sistemang tumutuligsa sa pangako ng EDSA. Magbalik-loob tayo nang may pusong nagsisisi, talikuran ang mga gintong diyos ng materyalismo at magbalik sa Diyos na minsan nang nagpalaya sa atin.

Ang Tumugon nang may Tapang at Pag-ibig

Ang EDSA ay isang paggising na patuloy na tumatawag sa atin. Tulad ng Exodo, ipinakita nito na ang kalayaan ay nangangailangan ng tapang. Tulad ng Pentekostes, inihayag nito na ang pagkakaisa ay maaaring magbunga ng panibagong misyon. Ngayon, tinatawag tayo hindi lamang upang umalala at magsisi kundi upang tumugon nang may tapang at pag-ibig sa pamamagitan ng pagbabago.

Ang pagbabago ay nangangailangan ng katapatan. Huwag tayong mapagod sa paghahanap at pagtatanggol sa katotohanan at sa pagtanggi sa kasinungalingan. Tinatakpan ng kawalang-katapatan ang ating mga sugat at kahirapan.

Ang pagbabago ay nagmumula sa pag-ibig. Ang pag-ibig ay pagkilos. Kung wala ito, mananatili tayong nagdurusa. Ang hungkag na mga islogan at pangako ay pansamantalang lunas lamang ngunit hindi tunay na nagpapagaling.

Ang pagbabago ay nangangailangan ng personal na pagbabalik-loob. Ang araw-araw na integridad ay ang sakripisyong paggawa ng tama kahit walang nakakakita. Ito ang pagtalikod sa kasinungalingan at sa mga tiwaling gawain.

Ang pagbabago ay nangangailangan din ng sama-samang pagbabalik-loob. Ang ating mga institusyon at pamayanan ay dapat talikuran ang mga lumang gawi na nagpapalaganap ng korapsyon. Kapag tayo'y nagkakaisa, higit ang ating magagawa.

Ang EDSA People Power ang ating mapayapang paraan ng pagbabago. Nangailangan ito ng tapang, sakripisyo at pag-ibig. At tayo'y kumilos nang magkakasama.

Upang ipagdiwang ang ika-40 taon ng EDSA, iminumungkahi namin ang ilang kongkretong hakbang:

> **Magkaisa tayo laban sa "impunity"**. Ang kawalan ng pananagutan kung saan ang mali ay nagiging normal at ang kasalanan ay nakakalusot habang ang katarungan ay nananahimik. Upang mapanagot ang kapangyarihan, magtulungan tayong isulong ang pagpasa ng isang tunay na Anti-Dynasty Bill. Ang kapangyarihan ay dapat manatili sa taumbayan, hindi sa iilan.
>
> **Maging mapagmatyag tayo.** Magtatag tayo ng mga lokal, diyosesis o parokyang boluntaryong grupo para sa pananagutan at pagmamatyag sa pondo, programa at proyekto ng pamahalaan.
>
> **Makilahok tayo.** Magpasimula at makibahagi sa mga usapan, diyalogo at konsultasyon upang marinig ang mga tinig at maisulong ang pananagutan at pagiging bukás. Ang mga pulong-bayan, pakikipag-ugnayan sa iba't ibang grupo at institusyon, at maging ang malalaking kilos-protesta ay mga halimbawa nito.

Suportahan natin ang mga tapat at may kakayahang lider na may malasakit sa kabutihang panlahat. Ipagpatuloy natin ang edukasyon para sa mabuting pagkamamamayan at pamamahala kaugnay ng Halalan 2028. Simulan na natin nang maaga ang edukasyon sa mga botante at kilalanin ang tunay na naglilingkod at ang mga maagang nangangampanya.

Ang lahat ng ito ay nangangailangan ng isang rebolusyon—isang rebolusyon ng puso. Matapos ang apatnapung taon, marami pa rin sa atin ang naghihirap dahil bumalik tayo sa masamang gawi. Kailangan natin ang pagbabagong nagmumula sa puso—sa ating mga tahanan, kumbento, parokya, lupon, institusyon, samahan, kilusan at diyosesis.

Higit sa lahat, huwag nating kalimutan na **ang tunay na pagbabago ay nagmumula sa biyaya ng Diyos.** Ang EDSA ay tanda ng Kanyang pag-ibig at awa. Huwag tayong mawalan ng pag-asa, sapagkat sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay inihahayag ng Diyos ang "mga bagay na hindi nakita ng mata, ni narinig ng tainga, ni sumagi sa puso ng tao, ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa Kanya." (1 Corinto 2:9) Manalangin tayo nang taimtim habang masigasig tayong kumikilos.

Mga kapatid, "Alalahanin ang mga kababalaghan na ginawa ng Panginoon." Punuin nawa tayong muli ng parehong diwa na nagbunga ng People Power noong 1986. Sa pagbabalik-tanaw, iyon ay isang "synodality in action"—magkakahawak-kamay at magkakatabi, **sabay-sabay** tayong lumakad sa pananampalataya, pag-asa at pag-ibig. "Sulong-Padayon" ang ating panawagan upang makatawid mula sa pagkaalipin tungo sa kalayaan.

Apatnapung taon naglakbay ang mga Israelita sa ilang. Sa paggunita natin ng apatnapung taon at habang ginugunita ang apatnapung araw ng Kuwaresma, tinatawag tayo sa isang bagong rebolusyon ng puso—isang pusong bumabalik sa Diyos at umaalala sa Kanyang mga kababalaghan. Ang People Power ng 1986 ay isang "kairos"—isang sandali ng biyaya. Alalahanin natin nang may pasasalamat, magsisi nang may kababaang-loob, at tumugon nang may tapang at pag-ibig. Paalala ng Panginoon: "Inibig kita." (Pahayag 3:9)

Maria, Ina ng ating bayan, ipanalangin mo ang Pilipinas. At maghari nawa ang kapayapaan sa ating lupain.

Para sa Catholic Bishops' Conference of the Philippines

+GILBERT A. GARCERA, D.D.
Archbishop of Lipa
CBCP President